
ASIAN LAW CAUCUS

# Paano Bumoto sa Halalan ng California sa Nobyembre 2024

## Maging Handa

Kung kayo ay nakarehistro na upang bumoto, magsadya sa voterstatus.sos.ca.gov upang makasiguro na tama ang lahat ng impormasyon sa inyo. Kung hindi ka nakarehistro o kailangan mong mag rehistro dahil ikaw ay lumipat o nag bago ng inyong pangalan, maaari kang magrehistro online sa registertovote.ca.gov o kumuha ng form sa DMV, tanggapan ng koreo o post office, sa silid-aklatan o library, o sa opisina ng eleksiyon sa inyong county. Matapos ang ika-21 ng Oktubre, maaari pa rin magrehistro hanggang sa araw ng Eleksiyon (Martes, ika-5 ng Nobyembre) sa inyong lokal na opisina ng eleksiyon o lugar ng botohan. **Kung kayo ay nakarehistro na sa Lunes, ika-21 ng Oktubre, matatanggap ninyo ang inyong balota sa koreo.**

## Pagpipilian 1 – Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo



Maaring ipadala ang balota **sa koreo**. Hindi ito nangangailangan ng selyo. Isulat ang boto ang inyong balota, ilagay sa kalakip na sobre, pirmahan, lagyan ng petsa, at isara ang sobre. Siguraduhing ito ay may marka ng koreo o postmarked na hindi laglagpas ng ika 5 ng Nobyembre.

## Pagpipilian 2 – Ihulog sa nakatakdang lagayan



Maaring **ihulog ang inyong balota** sa opisina ng halalan ng inyong county o sa anumang lugar ng botohan. Karamihan sa mga county ay may ligtas na hulugan na kahon o drop box para sa balota na magsisimulang puwedeng gamiting sa unang bahagi ng Oktubre. Maaring makita kung nasaan ang mga hulugang kahon na ito sa caearlyvoting.sos.ca.gov. Siguraduhing ang inyong balota ay maihulog sa kahon bago mag alas 8 ng gabi sa ika-5 ng Nobyembre.

## Pagpipilian 3 – Bumoto ng Personal



Ang araw ng Halalan ay **Lunes, ika-21 ng Oktubre**. Ang mga lugar ng botohan ay magbubukas simula ika-**7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.**
Makikita kung saan ang lugar ng inyong botohan sa sos.ca.gov/elections/polling-place.

**Maraming county ang mag aalok din ng in-person na botohan simula Sabado, ika-26 ng Oktubre hanggang Martes, ika-5 ng Nobyembre.** Makipag-alam sa opisina ng halalan sa inyong lugar o hanapin ang mga lugar ng botohan sa caearlyvoting.sos.ca.gov. Para maging madali ang pagboto ng personal, dalhin ang balotang natanggap sa koreo sa lugar kung saan kayo boboto.